

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINILI MULA SA KATITIKAN NG IKA- 10 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 10 MARSO 2003, IKA-9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Cesar T. Baticos	- Tagapangulo
Konsehal Eduardo K. Soriano	
Konsehal Mae Arlene M. Talens	
Konsehal Jesus S. Dela Cruz	
Konsehal Ramil O. Dimapilla	
Konsehal Angelo D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Erorita	
Konsehal Jovito D. Estrada	
Konsehal Gemmar C. Montesa	- Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal King Philip B. Dimapilig	- Pangulo, Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan



Hindi Nakadalo:

Konsehal Juan S. Advincula	- On Leave
----------------------------	------------

KAPASYAHAN BLG. 021
Taong 2003

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY KCG. DAYANI F. FERNANDO, KALIHIM NG KAGAWARAN NG PAGAWAIN AT LANSANGANG BAYAN SA PAMAMAGITAN NI ENGR. JEROME M. DELA ROSA, DISTRICT ENGINEER, SOUTHERN MINDORO ENGINEERING DISTRICT NA MAISAAYOS ANG MGA DAANG SAN RAFAEL – HAPPY VALLEY AT SAN MARIANO – SAN VICENTE SA ROXAS, III ANGANG MINDORO

- SAPAGKAT, ang mga kalsada at daang patungo sa mga barangay ay lubhang napakahalaga para sa maayos na pagsasagawa ng mga pang-araw-araw na gawain at transaksyon ng mga tao sa barangay lalo na sa paglalabas at sa pagpasok ng mga produkto at kalakal na pinagkukunan ng kabuhatan ng mga mamamayan;
- SAPAGKAT, ilan sa mga daang ito ay ang daang San Mariano – San Vicente na may sukat 5.8 kilometro at ang daang San Rafael paikot sa Barangay Happy Valley na may sukat na 3.08 kilometro palabas sa Sityo Villa Rosario ng Barangay San Rafael;
- SAPAGKAT, ang mga daang ito lalo na mula sa Barangay San Rafael papuntang Happy Valley ay may napakatarik na bahagi gayundin sa isang parte ng daang patungong San Vicente kung saan napakadelikado para sa mga sasakyang pampasahero at kargahan ng mga produkto lalo na kung panahon ng tag-ulan;



Signature

SAPAGKAT, ang ganitong sitwasyon ng daan ay malaking sagabal sa maayos ng lakbo ng buhay at ikinabubuhay ng mga mamamayan lalo na nga kung mga panahon ng bagyo at tag ulan na ang daan ay malagkit at nagpuputik, lumalalm at lumalaki ang mga lubak na kalimitan ay pinagmumulan ng mga aksidente;

SAPAGKAT, napakalaking kabawasan sa klinikita ng mga tao sa barangay ang mga sira at di maayos na daan na nagpaparagdag sa kaawa-awang katayuan sa buhay ng mga kristiyano at katutubong dito'y naninirahan;

SAPAGKAT, sa nasusakupan ng mga barangay ng San Rafael at San Vicente ay may magagandang tanawin na kung mapagtutuunan ng pansin ng pamahalaan ay magiging atraksyon sa mga turista at sa gayon ay makatutulong sa ekonomiya ng bayan;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Eduardo K. Soriano na pinangalawahan ni Konsehal Angeles D. Bautista -

IPINASYA, tulad ng pagpapasiyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg. na Kalihim ng Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan Bayani F. Fernando sa pamamagitan ni Engr. Jerome M. Dela Rosa ang pagsasaayos ng mga Daang San Rafael - Happy Valley at San Mariano - San Vicente, mga barangay sa bayang ito ng Roxas, Silangang Mindoro.


IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Kgg. Kalihim Bayani F. Fernando ng Kagawaran ng Pagawain at Lansangang Bayan, Port Area, Manila para sa kanyang maagap at natatanging pag-aksyon sa kahilingang ito.

Pinagtibay ng lahat. 10 Marso 2003


PINATUTUNAYANG WASTO:


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


CESAR J. BATICOS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan